



Batas Laban sa Karahasan sa mga Kababaihan (Violence Against Women Act / VAWA)

Maraming indibidwal ang nananatili sa mapang-abusong relasyon dahil natatakot silang iulat sa pulisya ang mga naganap na karahasang domestiko o humingi ng ibang anyo ng tulong.

Nagbibigay ang Violence Against Women Act (VAWA) ng isang natatanging daan tungo sa ligal na katayuan sa imigrasyon para sa mga biktima ng karahasang domestiko, na sa ibang pagkakataon ay kailangang umasa sila sa nang-aabuso sa kanila upang maisumite ang petisyon para sa kanilang katayuan.

Pinapayagan ng VAWA ang mga biktima ng pang-aabuso na siyang malapit na kamag-anak ng mga mamamayan ng U.S. o mga ligal na permanenteng residente (Green Card holders) na magsumite ng sariling petisyon (self-petition) para sa kanilang katayuan nang hindi kailangan ang kaalaman, pagsang-ayon, o pakikilahok ng nang-aabuso.

Ang daan na ito ay bukas para sa mga asawa at anak ng abusadong mamamayan ng U.S. o ligal na permanenteng residente, at para rin sa mga magulang ng abusadong mamamayan ng U.S. na hindi bababa sa 21 taong gulang.

Maaaring maging karapat-dapat ang mga indibidwal na ito na makakuha ng ligal na katayuan bilang permanenteng residenteng (Green Card), pahintulot na magtrabaho, at mga benepisong pampubliko.

Sinisimulan ang proseso sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form I-360. Ang mga probisyon ng VAWA ay pantay-pantay na naaangkop sa lahat ng tao, anuman ang kasarian.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang: uscis.gov/humanitarian/abused-spouses-children-and-parents

Kailangang patunayan ng mga dayuhang biktima na sila ay:

- May kwalipikadong kaugnayang sa nang-aabusong mamamayan ng U.S. o Green Card holder;
- Naninirahan o nanirahan kasama ang nang-aabuso;
- May mabuting asal (good moral character); at
- Naging biktima ng pananakit o matinding kalupitan.

Ang Kahalagahan ng mga Front-Line na Manggagawa

Nagbibigay ang batas ng Estados Unidos ng ilang mga proteksyon para sa mga ligal at di-dokumentadong dayuhan na naging biktima ng krimen, kabilang na ang karahasang domestiko o human trafficking. Maraming indibidwal ang natatakot na iulat na sila ay naging biktima ng krimen, dahil sa pangambang sila ay maaaring mapatalsik (ma-deport) mula sa Estados Unidos.

Ang mga propesyonal tulad ng mga pulis, tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan at panlipunan, mga hukom, at mga tagausig ang madalas na unang nakakakita ng mga senyales ng pambibiktima. Dahil dito, sila ay may natatanging papel sa pagbibigay ng impormasyon at tulong sa mga biktima. Ang polyetong ito ay idinisenyo upang suportahan ang mga front-line na manggagawa sa layuning ito.

Lahat ng ahensya sa loob ng Department of Homeland Security (DHS), kabilang ang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS), ay ligal na ipinagbabawal na ibunyag na ang isang biktima ay nag-a-apply para sa mga uri ng proteksyon sa imigrasyon na tinalakay sa polyetong ito, maliban sa ilang mga natatanging pagbubukod (exceptions).



Bisitahin ang seksyong

“Makatao (Humanitarian)”

sa website ng USCIS.

uscis.gov/humanitarian

Upang iulat ang pinaghihinalaang human trafficking sa pederal na tagapagpatupad ng batas, makipag-ugnayan sa HSI tip line sa:

**866-347-2423
(866-DHS- 2-ICE)**

Upang makipag-ugnayan sa National Human Trafficking Hotline, tumawag sa:

888-373-7888

Mga Opsyon sa Imigrasyon para sa mga Biktima ng Krimen

Impormasyon para sa mga Tagapagpatupad ng Batas, Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan, at Iba pang mga Front-Line na Manggagawa

Batas Laban sa Karahasan sa mga Kababaihan (Violence Against Women Act)
T Nonimmigrant Status
U Nonimmigrant Status



U.S. Citizenship and Immigration Services



U.S. Citizenship and Immigration Services

U Nonimmigrant Status

Ang T nonimmigrant status(kilala rin bilang T visa) ay nagbibigay ng pansamantalang proteksyon sa imigrasyon para sa mga biktima ng malubhang anyo ng human trafficking (o trafficking ng tao) na tumutulong sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa pagtuklas, pagsisiyasat, o pag-uusig ng krimeng ito.

Kabilang sa human trafficking ay ang paggamit ng puwersa, panlilinlang, o pamimilit upang makuha ang anumang uri ng paggawa o komersyal na gawaing sekswal. Maaaring mangyari ito sa anumang komunidad at ang mga biktima ay maaaring mula sa anumang edad, lahi, kasarian, o nasyonalidad. Upang mag-apply para sa T nonimmigrant status, kailangang magsumite ang aplikante ng Form I-914.

Ang aplikante ay dapat pisikal na nasa Estados Unidos dahil sa trafficking. Ang T nonimmigrant status ay may bisa sa loob ng 4 na taon at maaaring mapahaba ang palugit sa limitadong mga sitwasyon; ang mga nakatanggap nito ay maaari ring magkaroon ng pahintulot na magtrabaho. Ang mga T nonimmigrant ay maaaring magkaroon ng pagkakataong i-adjust ang kanilang status at maging mga ligal na permanenteng residente (makakuha ng Green Card) kung sila ay kwalipikado. Maaaring maging karapat-dapat din ang ilang miyembro ng kanilang pamilya para sa T nonimmigrant status.

Ang mga dayuhang biktima ay kailangang:

- Maging biktima ng malubhang anyo ng trafficking ng tao;
- Pisikal na nasa Estados Unidos dahil sa trafficking;
- Sumunod sa anumang makatwirang kahilingan para sa tulong mula sa ahensyang nagpapatupad ng batas o iba pang certifying official sa pagtuklas, pagsisiyasat, o pag-uusig ng krimen (o kwalipikado para sa exemption dahil sa edad o exception dahil sa naranasang trauma);
- Makaranas ng matinding paghihirap na may kinalaman sa di-pangkaraniwan at matinding pinsala kung mapatalsik mula sa Estados Unidos; at
- Maging admissible o maaring makapasok sa Estados Unidos o kwalipikado para sa waiver.



Bisitahin ang uscis.gov/humanitarian/victims-of-human-trafficking-t-nonimmigrant-status para sa karagdagang impormasyon.

Ang **labor trafficking (sapilitang paggawa)** ay ang pagsasamantala sa isang tao para sa paggawa o serbisyo gamit ang puwersa, panlilinlang, o pamimilit. Ang sex trafficking ay ang pagsasamantala sa isang tao para sa layunin ng komersyal na gawaing sekswal gamit ang puwersa, panlilinlang, o pamimilit. Ayon sa batas ng Estados Unidos, sinumang wala pang 18 taong gulang na nahikayat sa komersyal na gawaing sekswal ay itinuturing na biktima ng sex trafficking, kahit na walang puwersa, panlilinlang, o pamimilit.

Ang **Continued Presence** ay isang pansamantalang imigrasyong katayuan na ibinibigay sa mga indibidwal na kinilala ng tagapagpatupad ng batas bilang mga biktima ng malubhang anyo ng trafficking ng tao at maaaring magsilbing potensyal na saksi.

Ang **Continued Presence Resource Guide** para sa mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas at mga sibil na abogado ay makukuha sa: ice.gov/ContinuedPresenceResourceGuide

U Nonimmigrant Status

Ang U nonimmigrant status (kilala rin bilang U visa) ay nagbibigay ng pansamantalang proteksyon sa imigrasyon para sa mga biktima ng ilang kwalipikadong kriminal na gawain sa Estados Unidos na naging kapaki-pakinabang, kasalukuyang kapaki-pakinabang, o inaasahang magiging kapaki-pakinabang sa mga certifying agencies sa pagtuklas, pagsisiyasat, o pag-uusig ng nasabing krimen, at natutugunan ang iba pang mga kinakailangan.

Ang U nonimmigrant status ay may bisa sa loob ng 4 na taon at maaaring mapalawig sa limitadong mga pagkakataon; ang mga nakatanggap nito ay maaari ring maging karapat-dapat para sa pahintulot na magtrabaho. Ang mga U nonimmigrant ay maaaring magkaroon ng pagkakataong i-adjust ang kanilang status at maging ligal na permanenteng residente (makakuha ng Green Card) kung sila ay kwalipikado. Maaaring maging karapat-dapat din ang ilang miyembro ng kanilang pamilya para sa U nonimmigrant status.

Ang mga biktima ng sumusunod na mga kwalipikadong kriminal na gawain* ay maaaring maging karapat-dapat para sa U nonimmigrant status:

- | | |
|--|-------------------------------|
| • Pagdukot | • Pagpatay |
| • Mapang-abusong Sekswal | • Paghahadlang sa Katarungan |
| na Pakikipag-ugnay | • Peonage (Sapilitang Pag- |
| • Pagkakabihag, o | lilingkod na Bayad- Utang) |
| Pagkakabihag Bilang Hostage | • Pagsisinungaling sa Ilalim |
| • Pananakot o Pamimilit | ng Panunumpa |
| • Karahasang Domestiko | • Prostitusyon |
| • Pamimilit o Pananakot | • Panggagahasa |
| • Maling Pagkakakulong | • Sekswal na Pag-atake |
| • Mabigat na Pananakit | • Sekswal na Pagsasamantala |
| • Pag-atake o Pagputol sa Ari ng Babae | • Kalakalan ng Alipin |
| • Panlilinlang sa Kontrata ng Paggawa sa Ibang Bansa | • Paniniktik o Pagsubaybay |
| • Insestiyo (Incest) | • Pagpapahirap |
| • Sapilitang Paglilingkod | • Human Trafficking |
| • Pagdukot | • Iligal na Gawaing Kriminal |
| • Pagpatay nang Hindi Sinasadya | • Panghihimasok sa Saksi |
| | • Iba Pang Kaugnay na Krimen† |

Kasama rin ang tangkang pagsasagawa, sabwatan (conspiracy), o paghihikayat (solicitation) na isagawa ang alin man sa mga nabanggit sa itaas at iba pang kaugnay na krimen.

† Kabilang ang anumang kahalintulad na aktibidad kung saan ang mga elemento ng krimen ay halos magkatulad.

Upang magsumite ng petisyon para sa U nonimmigrant status, kailangang magsumite ang biktima ng Form I-918. Kailangan ding isumite ng biktima ang:

Kasama ng kanilang petisyon, kailangang magsumite ang biktima ng sertipikasyon (Form I-918, Supplement B) na pirmado ng isang opisyal mula sa certifying agency na nagpapatunay na ang biktima ay naging kapaki-pakinabang, kasalukuyang kapaki-pakinabang, o malamang na magiging kapaki-pakinabang sa pagtuklas, pagsisiyasat, o pag-uusig ng kaso, at na natutugunan nila ang iba pang mga kinakailangang kwalipikasyon.

Dapat tandaan ng mga certifying official na ang pagpirma sa sertipikasyon ay hindi nagbibigay ng proteksyon sa imigrasyon — tanging ang USCIS lamang ang may awtoridad na magbigay o tumanggi sa petisyon para sa U visa. Bisitahin ang: uscis.gov/humanitarian/victims-of-criminal-activity-u-nonimmigrant-status para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga dayuhang biktima ay kailangang:

- Maging biktima ng kwalipikadong kriminal na aktibidad na naganap sa Estados Unidos o lumabag sa batas ng U.S.;
- Nakaranas ng matinding pisikal o mental na abuso bilang resulta ng nasabing kriminal na aktibidad;
- Nagtataglay ng kapani-paniwala at maaasahang impormasyon tungkol sa kwalipikadong kriminal na aktibidad;
- Maging, naging, o malamang na maging kapaki-pakinabang sa mga tagapagpatupad ng batas, tagausig, hukom, o iba pang certifying officials sa pagtuklas, pagsisiyasat, at pag-uusig ng nasabing kwalipikadong kriminal na aktibidad;
- Maging admissible sa Estados Unidos o maging kwalipikado para sa isang waiver.

Ang T at U Visa Law Enforcement Resource Guides para sa mga certifier ay makukuha sa: uscis.gov/tools/information-for-certifying-officials-law-enforcement-judges-and-other-agencies

Upang makipag-ugnayan sa certifying official hotline, tumawag sa 240-721-3333. Ang numerong ito ay para lamang sa paggamit ng mga certifying official. Ang mga certifying official ay mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas, mga tagausig, hukom, o mga kinatawan mula sa isang opisina o ahensya na may responsibilidad sa pagtuklas, pagsisiyasat, o pag-uusig ng kwalipikadong kriminal na aktibidad o trafficking, o sa paghatol o pagpaparusa sa salarin.